



Pagpapakain sa Pamamagitan ng Tubo

“Ako ay tinanong na upang magdesisyon tungkol sa tubong papasukan ng pagkain...”

Ang paggawa ng isang desisyon tungkol sa pangmatagalang-termong tubong papasukan ng pagkain para sa iyong sarili o para sa isang taong mahal mo sa buhay ay maaaring maging mapanghamon at emosyonal. Ang mga taong nakaranas na ng isang kaparehong desisyon ay nagsabi na sa amin na ang mga makatotohanang sagot sa kanilang mga tanong ay lubos na nakatulong.

GAYUNMAN.....Bawat sitwasyon ay iba...kung anuman ang maaaring makatutulong sa isang may pangmaikling-termo na maaaring iwastong problema sa pagkain ay maaaring hindi ang pinakamabuti para sa pangmatagalang-termong gamit para sa isang tao na nasa kahuli-hulihang mga yugto ng terminal na sakit.

COALITION *for* COMPASSIONATE CARE *of* CALIFORNIA

Ano ang tubong papasukan ng pagkain?

Isang pansamantalang tubong papasukan ng pagkain ay maaaring ipasok sa ilong patungo sa tiyan (N-G na tubo) para sa pangmaikling-termong gamit. Ang tubong papasukan ng pagkain para sa pangmatagalang-termong gamit ay tinatawag na Percutaneous Endoscopic Gastronomy (PEG) na tubo. Isang maliit na siruhiyang butas ay hihiwain sa balat at tiyan upang ilagay ang tubo na dadaanan ng pormularyo upang makarating nang direkta sa tiyan.

Sino ang matutulungan nang lubos ng pagkakaroon ng tubong papasukan ng pagkain?

Ang mga taong nakakagalaw nang walang tulong ngunit tumatanggap ng kemoterapiya o radyasyon para sa mga partikular na uri ng kanser at ilang mga nakaligtas sa atake na nagpapagaling na ang kakayahang lumunok ay inaasahang bumalik ay maaaring makinabang sa pansamantalang tubong papasukan ng pagkain. Ang mga taong may ALS (sakit na Lou Gehrig) ay maaaring makinabang dahil ang mga problemang paglunok ay maaaring mangyari bago sila humantong sa terminal na yugto ng kanilang sakit.

Kailang hindi masyadong makatutulong ang tubong papasukan ng pagkain?

Kung mawala ang mga taong nasa panghuling yugto ng demensiya ang kanilang kakayahang lumunok, kadalasan ito ay hindi nakabukod na pangyayari ngunit magrerepresenta ng paglala ng sakit sa terminal na yugto. Sa mga terminal na yugto ng maraming sakit kabilang ang malubhang demensiya, ang sistemang gastrointestinal ay magpapalya at ang pagtunaw ay hindi na epektibo.

Magugutom ba ang aking mahal sa buhay?

Ilang mga tao ay natatakot na ang hindi pagbibigay ng tubong papasukan ng pagkain sa katapusan ng buhay ay nangangahulugan na hinahayaan nilang “mamatay sa gutom” ang kanilang mahal sa buhay.

Ito ay hindi totoo. Ang pagkagutom ay nangyayari kung ang isang taong gutom na ang katawan ay nangangailangan at maaaring gamitin ang mga sustansiya ay ipinagkaitan ng pagkain. Kung ang katawan ng taong malapit nang mamatay ay magumpisang magpalya, ang katawan ay maaaring hindi na makayanang gamitin nang sapat ang sustansiya na ibinibigay ng pagpapakain sa pamamagitan ng tubo, at ang pamamaga at paghihirap ay madadagdagan.

ISANG PATNUBAY PARA SA PAGGAWA NG DESISYON

ISANG PATNUBAY PARA SA PAGGAWA NG DESISYON

Ano ang ilang posibleng komplikasyon na may kaugnay sa mga tubong papasukan ng pagkain?

Ang mga tubong papasukan ng pagkain ay maaaring hindi maging sanhi ng problema, ngunit may ilang komplikasyon na natiyak na kagaya ng: pagdurugo (1%), impeksiyon at pangangati ng balat (1-4%), pagtulo sa palibot ng tubo (4%), pagsusuka o alibadbad (9-10%) at pagtatae o pagpupulikat (12%).

Mapipigilan ba ng tubong papasukan ng pagkain ang pulmonya?

Ang mga natuklasan ng ilang mga kamakailang pag-aaral ng mga indibidwal na nasa panghuling yugto ng demensiya o malubhang terminal na mga sakit ay nagpapakita na walang ebidensiya na mapigilan ng tubong papasukan ng pagkain ang pulmonya. Sa ilang kaso, ang panganib na magkaroon ng pulmonya ay maaaring madagdagan ng pagkakaroon ng tubong papasukan ng pagkain.

Mababawasan ba ng tubong papasukan ng pagkain ang panganib na makakuha ng mga pressure ulcer o matutulongan ba nitong gumaling kung nandito na ang mga ito?

Walang ebidensiya na ang tubong papasukan ng pagkain ay mapipigilan ang mga pressure ulcer o mapagaling ang mga ito para sa mga taong nasa malubhang yugto ng terminal na sakit. Ang nadagdagang pagkakaroon ng ihi at tae mula sa pagpapakain sa pamamagitan ng tubo ay maaaring magdagdag ng panganib ng mga pressure ulcer.

Mapapabuti ba ng tubong papasukan ng pagkain ang kaginhawahan at mahadlangan ba ang paghihirap?

Para sa mga taong may pansamantalang problema sa paglunok mula sa kondisyon ng bibig o lalamunan, ang pagpapakain sa pamamagitan ng tubo ay maaaring makabawas sa kaugnay na sakit at magkaloob ng pangmaikling termong suporta sa sustansiya. Sa malubhang demensiya, ang pagkaroon ng tubo ay maaaring maging sanhi ng pagkabalisa at mga pagtangkang hilahin itong palabas. Sa ilang kaso, ito ang mag-uudyok sa paggamit ng mga pagpigil sa pamamagitan

ng pagtali na magbabawas ng kaginhawahan. Sa mga aktibong yugto ng pagkamatay, ang patuloy na pagpapakain sa pamamagitan ng tubo ay maaaring maging sanhi ng sobrang maipong likido at pinapahirapan ang paghinga.

Ano pa ang dapat na isaalang-alang sa paggawa ng desisyon tungkol sa tubong papasukan ng pagkain?

Mahirap ihiwalay ang ating pagmamahal at respeto para sa isang tao sa maaaring maging pinakamabuting desisyon para sa taong iyan. Anumang desisyon tungkol sa pagpapakain sa pamamagitan ng tubo ay kailangang gawin na may pagsasa-alang-alang sa pangkalahatang estado ng kalusugan at kabuuang layunin ng pangangalaga. Ang paghadlang ng paghihirap ay dapat isang pangunahing pamantayan para sa pagtatasa ng mga panganib at pakinabang sa isang indibidwal. Ang pagtanong sa tanong, “Ang pakinabang ba ng tubo ay may sapat na kabuluhan upang mahigitan ang anumang mga panganib at pagkawala ng kaginhawahan?” ay maaaring makatutulong.

Ang paglinaw sa mga personal, mga mahalagang may kinalaman sa relihiyon at kultura na may kinalaman sa kabuuang pagtaya sa karamdaman at inaasahang pagkabuhay ay maaaring makatutulong sa paggawa ng desisyon.

Ano ang aking mapagpipilian kung ako ay magdesisyon na hindi ko gusto ang tubong papasukan ng pagkain?

Para sa mga taong mayroon pa ring kakayahang lumunok, ang maingat na pagpapakain sa pamamagitan ng pagsubo ay maaaring masubukan. Para sa mga taong nasa kasukdulan, terminal na mga yugto ng sakit, ang pagpapanatili ng mabuting pangangalaga sa bibig at paglalagay ng yelo o basang mga bulak ay matutulongan ang pagtuyo ng bibig at magbigay ng kaginhawahan.

Saan ako makakukuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga tubong papasukan ng pagkain?

Isang buod ng mga pag-aaral, patnubay, at ekspertong pagpapahayag ng posisyon ay makukuha sa website ng Coalition for Compassionate Care of California: www.CoalitionCCC.org.



Telepono: 916-489-2222 • www.CoalitionCCC.org
1331 Garden Highway, Suite 100, Sacramento, CA 95833

Ang paggawa ng polyetong ito ay naging posible sa pamamagitan ng gawad mula sa California HealthCare Foundation, na naka-base sa Oakland, California